



Ang Family Counselling Service

Ang Family Counselling Service (Serbisyo ng Pagbibigay payo sa Pamilya) ay isang serbisyo para sa mga couple (magkasintahan o mag-asawa), mga pamilya at mga indibiduwal na nakakaranas ng mga problema sa pamilya o sa kanilang relasyon

“- Sa wakas ay maaari na kaming hindi magkasunduan nang hindi nag-aaway”

“- Hindi namin malalampasan ang krisis kung hindi dahil sa Family Counselling Service”



Ang Family Counselling Service ay may tungkulin na panatilihin ang pagiging kompidensyal

Ang serbisyo ay libre

Hindi kinakailangan ang isang rekomendasyon



Ano ang Family Counselling Service?


Ang Family Counselling Service ay nilikha upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong nakakaranas ng iba't ibang mga uri ng problema na may kaugnayan sa pamilya at sa relasyon. Ang Family Counselling Service ay walang bayad. Hindi kinakailangan ang rekomendasyon; maaari kayo mismo ang makipag-ugnayan sa inyong lokal na Family Counselling Service na tanggapan.

Ang Family Counselling Service ay isang nagdadalubhasang serbisyo na naghahandog ng praktikal na tulong at payo kung saan may mga kahirapan, hindi pagkakasunduan o krisis sa pamilya. Ang dahilan kung bakit ang karamihan sa mga tao na nakikipag-ugnayan sa Family Counselling Service ay para humingi

ng payo at pag-usapan ang kanilang mga problema na nararanasan nila sa kanilang pang-araw araw na mga buhay. Ang mga tanggapan ay may mga tauhan na mga propesyonal na psychologist at mga social worker na may karagdagang pagsasanay sa family therapy. Ang lahat ng mga empleyado ay may tungkulin na panatilihin ang pagkakompidensyal.

Para kanino?

Ang Family Counselling Service ay narito para tulungan ang mga indibiduwal, mga magkasintahan o mag-asawa at mga pamilya – kasama na ang mga bata at nagbibinata at nagdadalaga. Makipag-ugnayan sa Family Counselling Service sa pamamagitan ng telepono o email.



Ano ang aming inihahandog:

Payo at kompidensyal na counselling

Ang Family Counselling Service ay nakikipagkita at tumutulong sa mga tao sa lahat ng yugto ng buhay pamilya mula sa pagkabata hanggang sa matandang edad:

- mga magkasintahan o magkapareho na nais mapahusay ang kanilang relasyon
- mga bagong maguugang na naghahanap ng pagbabago sa kanilang mga buhay at ngayon ay may pananagutan sa pagbibigay ng pangangalaga
- mga magulang at anak na nakakaranas ng mga kahirapan sa buhay pamilya
- mga problema sa laki ng pagitan sa henerasyon
- pagtatrabaho para malampasan ang mga problema makalipas na nasira ang isang relasyon
- tulong sa pagpapahusay ng relasyon sa pagitan ng mga dating mag—partner o magkasintahan
- mga hamon hinggil sa akin, inyo at ating mga anak
- mga pamilya na nagdurusa sa ilalim ng karamdaman o kawalan ng mahal sa buhay
- tulong sa mga di pagkakasunduan sa

pagitan ng magkaibang mga kultura

- sa mga kaso ng arranged at/o forced marriage at iba pang mga tradisyon na nakakapinsala sa kalusugan
- tulong sa mga magulang at bata na nakakaranas ng karahasan at/o mga pagbabanta sa malalapit na relasyon
- mga couple o magkasintahan na tumatanggap ng payo at tulong anuman ang sexual orientation

Arbitrasyon sa mga kaso ng paghihiwalay at pagkasira ng relasyon sa kinakasama

Ang Family Counselling Service ay nagsasagawa ng sapilitan na arbitrasyon sa mga magkasintahan o magkapartner na may mga anak na mas bata sa 16 taong ulang kapag maghihiwalay na ang mga magulang. Ang mga magkasama sa tirahan na magulang na maghihiwalay ay dapat rin dumalo sa arbitrasyon para makatanggap ng pinatagal na mga benepisyo ng sustento para sa kapakanan ng bata. Ang mga magulang na nais na magsampa ng kaso hinggil sa tirahan ng bata/mga bata, mga karapatan sa pagbisita o pananagutan ng magulang ay dapat munang dumalo sa arbitrasyon. Ang layunin ng arbitrasyon ay tulungan ang mga pamilya kapag sila ay sumali sa isang kasunduan sa pananagutan ng magulang at situwasyon ng bata/mga bata.

Mga Kurso at grupo

Ang karamihan sa mga opisina ng Family Counselling Service ay nagsasaayos ng mga kurso at grupo na sumasaklaw sa pinakakaraniwang mga paksa sa pamilya at pagsasama sa tirahan. Kabilang sa mga kurso ang pagsasama sa tirahan, mga kurso para sa mga bagong magulang, mga kurso para sa mga magulang ng mga bata na may binawang kakayahang kumilos at mga grupo ng bata at adult makalipas ang pagkasira ng relasyon sa pamilya at kapag may problema ng karahasan.

Impormasyon sa serbisyo

Ang Family Counselling Service ay nagkaka-loob ng impormasyon at pagsasanay sa mga paksa ng kasal at pagkakasama sa tirahan na buhay pamilya.

Ang aming mga target na grupo ay kinabibilangan ng mga pampublikong serbisyo, piling mga populasyon na grupo, ang media, kindergarten, mga pre-school at iba pang mga propesyonal na grupo. Ang Family Counselling Service ay nagkaloob ng patnubay at payo sa mga propesyonal at nakikipagtulungan sa mga samahan at iba pang may kinalaman sa pagtatrabaho kasama ng pamilya, sa pagpapaunlad ng mga bata at nagbibinata at nagdadalaga, at mga paksa na may kinalaman sa pagtira sa iisang tirahan.

Hanapin ang inyong lokal na tanggapan ng Family Counselling Service: www.bufetat.no/familievern

Ang Family Counselling Service ay bahagi ng Children, Adolescents and Family Department (Bufetat). Ang departamento ay pinamamahala sa ilalim ng pagtatangkilik ng Norwegian Directorate for Children, Youth and Family Affairs (Bufdir).

Bufetat Region Mid Norway

Nordreg. 12, 2nd floor.
7495 Trondheim
Tel.: 46 61 50 00
E-mail: region.midt@bufetat.no

Bufetat Region North

Betongveien 2
9509 Alta
Tel.: 46 61 50 00
E-mail: region.nord@bufetat.no

Mangyari lamang bisitahin ang aming website para sa mga update

The Directorate for Children, Youth and Family Affairs (Bufdir)

Postboks 8113 Dep
0032 Oslo
Street address:
Universitetsg. 7/Stensbergg. 25
Tel.: 46 61 50 00
E-mail: post@bufdir.no

Bufetat Region East

Postboks 7024 St. Olavs plass
0130 Oslo
Tel.: 46 61 50 00
E-mail: region.ost@bufetat.no

Bufetat Region South

Postboks 2403
3104 Tønsberg
Tel.: 46 61 50 00
E-mail: region.sor@bufetat.no

Bufetat Region West

Postboks 6200
5893 Bergen
Tel.: 46 61 50 00
E-mail: region.vest@bufetat.no



Ang Family Counselling Service ay bahagi ng Children, Adolescents and Family Department (Bufetat). Ang pangunahing gawain ng departamento ay magkaloob ng may kalidad na tulong, suporta at impormasyon sa aming mga user saanman sila nakatira sa Norway. Bufetat ay may limang regional na tanggapan at isang Directorate sa ilalim ng pagtatangkilik ng Ministry for Children, Equality and Social Inclusion (BLD). Ang Bufetat ay responsable para sa Child Welfare Service, ang Family Counselling Service at adoption.

Mayroong Family Counselling Service na tanggapan sa bawat county sa Norway. Ang karamihan ay mga tanggapan para sa serbisyong publiko, habang ang iba ay mga pansimbahan. Ang lahat ng mga tanggapan ay inayos sa ilalim ng Bufetat. Ang mga tanggapan na pansimbahan ay mga miyembro ng Kirkens Familievern (KF). Ang Family Counselling Service ay pinangangasiwaan at napapailalim sa Act on Family Counselling Service Offices.